SESSION 8

END TIMES SEMINAR

# THE GREAT WHITE THRONE JUDGMENT

BISHOP REY DOMINGO

Bishop REY DOMINGO MINISTRIES

WEBSITE bishopreydomingoministries.org

FACEBOOK • YOUTUBE Bishop Rey Domingo Ministries

Ang pag-aaralan po natin ngayon ay ang paksang The Great White Throne Judgment. Sa atin pong pag-aaral ngayon ay atin munang pagbabalikang aral ang tatlong paghatol na atin nang napag-aralan.

Una, ang Judgment Seat of Christ. Ang paghahatol na ito ay para lamang sa mga Kristiano, sa mga tagasunod ng Panginoong Jesu-cristo, mga mananampalataya. Ito ay gaganapin sa langit at magaganap pagkatapos na pagkatapos ng rapture. Ang layunin ng paghatol na ito ay upang gantimpalaan o hindi gantimpalaan ang bawat isang Kristiano. Ang lahat ng naipailalim sa paghatol na ito ay kasamang titira ng Diyos sa langit.

Ang ikalawa ay ang Judgment of the Sheep and the Goats. Ang paghatol na tinawag na Judgment of the Sheep and the Goats ay paghatol sa dalawang grupo ng mga tao:

- SHEEP: ang kumakatawan sa sheep ay ang mga Kristiano o mga mananampalataya sa Panginoong Jesus.
- GOAT: ang kumakatawan sa goat ay ang mga hindi sumasampalataya sa Panginoong Jesus, mga taong tumanggi sa iniaalok na buhay na walang hanggan ng Panginoong Jesus.

Ang paghatol ay magaganap pagkatapos na pagkatapos ng digmaan sa Armageddon. Ang digmaan sa Armageddon ang panahon ng ikalawang pagparito ng Panginoong Jesucristo (Second Coming).

Ang mga taong hahatulan ay mga taong nabubuhay pa sa kanilang pisikal na katawan, mga taong hindi namatay noong Great Tribulation period. Pagbubukod-bukurin ng Panginoon ang mga taong ito. Ang iba'y ilalagay sa Kaniyang gawing kaliwa at ang iba naman ay sa Kaniyang kanan. Ang

nasa kaliwa ay buhay na dadalhin sa impierno, ang nasa kanan naman ay papapasukin upang maging mamamayan ng lupa sa isang libong taon ng paghahari ng Panginoong Jesus sa daigdig.

Ang ikatatlo na paghuhukom na ating binigyang pansin sa ating pag-aaral ngunit hindi tayo nagkaroon ng mahabang pag-uusap tungkol doon ay ang paghatol na naganap doon sa krus sa bundok ng kalbaryo.

Sa araw na ito ay paguusapan natin ang ikaapat at siyang huli sa lahat ng mga paghatol na itinuturo sa Banal na Kasulatan. Ito ay ang The Great White Throne Judgment. Basahin natin ang sinasabi sa Pahayag.

*“Pagkatapos nito'y nakita ko ang isang malaking tronong puti at ang nakaupo doon. Naglaho ang lupa't langit sa kanyang harapan, at hindi na nakita pang muli. Nakita kong nakatayo sa harap ng trono ang mga namatay, maging dakila at hamak, at binuksan ang mga aklat. Binuksan ang isa pang aklat, ang aklat ng buhay. Hinatulan ang mga patay ayon sa kanilang ginawa, batay sa nakasulat sa mga aklat. Iniluwa ng dagat ang mga patay na naroroon. Iniluwa din ng Kamatayan at Daigdig ng mga Patay ang mga patay na nasa kanila. Hinatulan ang lahat ayon sa kanilang mga ginawa. Pagkatapos ay itinapon din sa lawa ng apoy ang Kamatayan at ang Daigdig ng mga Patay. Ang lawa ng apoy ang pangalawang kamatayan. Ang sinumang hindi nakasulat ang pangalan sa aklat ng buhay ay itinapon sa lawa ng apoy.”*

**PAHAYAG 20:11-15**

Ang ating gagawin ngayon ay hahanapin sa Banal na Kasulatan ang mga nakapaloob na information na hindi nakita sa limang talata na ating binasa.

*"Ito ang unang pagbuhay sa mga patay. Ang iba pang mga patay ay hindi nabuhay hanggang hindi natatapos ang sanlibong (1,000) taon."*

**PAHAYAG 20:5**

Ipinakikita ng talata na may dalawang beses na ang namatay ay bubuhayin. Ang una ay sa simula ng paghahari ng Panginoon na tatagal nang 1,000 taon.

*"Pagkatapos ng sanlibong (1,000) taon ay palalayain si Satanas mula sa kanyang pagkabilanggo... Pagkatapos nito'y nakita ko ang isang malaking tronong puti."*

**PAHAYAG 20:7,11**

Ang ikalawa namang pagbuhay sa mga patay (second resurrection) ay sa pagtatapos ng 1,000 taon ng paghahari ng Panginoong Jesus. At sa pagtatapos ng 1,000 taon ng paghahari ng Panginoong Jesus ay magaganap ang huling digmaan sa daigdig. Matapos pawalan sandali si Satanas ay madadaya niya ang maraming mga tao sa daigdig at mangunguna si Satanas sa huling pakikipagdigma sa Panginoon.

Pagkatapos ng digmaang iyon ay isasagawa ng Panginoong Jesus ang the Great White Throne Judgment. Ang hukom sa hukumang ito ay ang ating Panginoong Jesus, pinapatunayan ito ng Juan 5:22:

*"Hindi humahatol kaninuman ang Ama, sa halip ay ibinigay na niya sa Anak ang buong kapangyarihang humatol"*

**JUAN 5:22**

Ang lugar o venue ng hukuman ay hindi sa lupa katulad ng Judgment of the Sheep and the Goats at hindi rin sa langit katulad ng sa Judgment Seat of Christ, kundi ito ay sa kalawakan (space). Pansinin natin ang sinasabi sa Biblia:

*"Pagkatapos nito'y nakita ko ang isang malaking tronong puti at ang nakaupo doon. Naglaho ang lupa't langit sa kanyang harapan, at hindi na nakita pang muli."*

**PAHAYAG 20:11**

Ang pagkakasunod-sunod ng mga mangyayari sa the Great White Throne Judgment ay mababasa sa Pahayag:

*"Nakita kong nakatayo sa harap ng trono ang mga namatay, maging dakila at hamak, at binuksan ang mga aklat. Binuksan ang isa pang aklat, ang aklat ng buhay. Hinatulan ang mga patay ayon sa kanilang ginawa, batay sa nakasulat sa mga aklat. Iniluwa ng dagat ang mga patay na naroroon. Iniluwa din ng Kamatayan at Daigdig ng mga Patay ang mga patay na nasa kanila. Hinatulan ang lahat ayon sa kanilang mga ginawa. Pagkatapos ay itinapon din sa lawa ng apoy ang Kamatayan at ang Daigdig ng mga Patay. Ang lawa ng apoy ang pangalawang kamatayan"*

**PAHAYAG 20:12-14**

Ganito ang larawang ipinakikita sa atin nang tatlong talata na ating binasa:

- Binuhay ang lahat ng namatay at iniharap sa trono ng hukom. Ang Panginoong Jesus ang hukom.
- Ang mga patay na nasa harap ng trono ay galing sa dagat ng kamatayan, at sa daigdig ng mga patay.

- Samantalang nakaharap sa trono ang mga patay na binuhay (ito ang second resurrection), pinabuksan ng Diyos una ang mga aklat pagkatapos ay isinunod ay binuksan ang aklat ng buhay.
- Ang lahat ay hinatulan ayon sa kanilang mga gawa.
- Ang lahat na ang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay ay itinapon sa lawa ng apoy.

Ang mga taong binuhay na iniharap sa hukom (ang Panginoong Jesu-cristo) sa hukumang "The Great White Throne" ay binubuo ng lahat ng namatay na tao na hindi nanampalataya sa Diyos na siya namang nakasama sa ikalawang pagkabuhay mula sa mga patay (second resurrection). Sila ay ang sumusunod:

- Mga namatay sa panahon ng Matandang Tipan.
- Mga namatay sa panahon ng Bagong Tipan.
- Mga namatay sa panahon ng Tribulation Period
- Mga namatay sa panahon ng isang libong taon ng paghahari ng Panginoong Jesus.
- Mga namatay noong huling digmaan sa pagtatapos ng 1,000 taon ng paghahari ng Panginoong Jesus.

Lahat ng nabuhay sa second resurrection na nakaharap sa hukumang The Great White Throne Judgment ay pawang HINDI nanampalataya sa Panginoong Jesus. Ang layunin ng the Great White Throne Judgment ay upang hatulan ang bawat tao ayon sa kanilang ginawa samantalang nabubuhay sa daigdig.

*"...Hinatulan ang mga patay ayon sa kanilang ginawa..."*

**PAHAYAG 20:12**

Ang hatol para sa lahat ay ang dalhin sila sa dagat na nagniningas ng na apoy at asupre ngunit doon sa parusahang iyon ay mayroong iba't ibang degree o bahagdaan ng pahirap ayon sa ginawang masama ng kinauukalan.

*"Sapagkat hahatulan tayo ng Dios ayon sa lahat ng ating ginagawa, mabuti man o masama, hayag man o lihim."*

**ECCLESIATES 12:14**

**HEBREO 2:2**

*"Isipin ninyo: Ang Kautusang ibinigay ng Dios sa pamamagitan ng mga anghel ay napatunayang totoo, at tumanggap ng kaukulang parusa ang bawat taong lumabag o sumuway dito."*

Batas sa Banal na Kasulatan na ang bawat kasalanang ginawa ng tao ay mayroong katapat na parusa gayundin ang bawat mabuting ginawa ng tao ay may katapat na gantimpala. Ito ang sinabi sa Galatia 6:7:

*"Huwag ninyong linlangin ang inyong sarili. Ang Dios ay hindi madadaya ninuman. Kung ano ang itinanim ng tao, iyon din ang kanyang aanihin"*

**GALATIA 6:7**

Dahil sa batas na ito ng Banal na Kasulatan, alam natin na kung ang dalawang tao ay mapunta sa lawang apoy na nagniningas na asupre, kung ang isa sa kanila ay pinakain ang kaniyang pamilya mula sa malinis na paghahanapbuhay at ang isa naman ay mula sa pagnanakaw.

Alam nating hindi pareho ang parusang igagawad ng Diyos sa bawat isa sa kanila. Alam natin na iba ang parusa ng Diyos kay Hitler na pumatay ng 6 na milyong mga Judio kaysa sa isang tao na isa lamang na tao ang napatay.

Lahat ng haharap sa hukumang The Great White Throne Judgment ay sa lawang apoy at asupre dadalhin ng Diyos, ngunit doon ang degree ng hirap na mararanasan nila ay ang magkakaiba, depende sa uri ng kanilang ginawa.

Sa talatang 12 at 15 ng ating pinag-aaralan ay sinabi "…at binuksan ang mga aklat, binuksan ang isa pang aklat, ang aklat ng buhay…ang sinumang hindi nakasulat ang pangalan sa aklat ng buhay ay itinapon sa lawa ng apoy."

Ang mga unang aklat na binuksan ay kinasusulatan ng mga pangalan ng bawat isang dadalhin sa lawang apoy. Kasamang nakasulat sa mga aklat na iyon ang mga ginawa ng bawat isa, mga ginawang hayag at mga ginawang lihim at ang mga motibo sa pagsasagawa noon.

Sapagkat ang lahat ng nakasama sa ikalawang pagbuhay sa mga patay (second resurrection) ay mga hindi kumilala sa Panginoong Jesus o hindi mananampalataya sa kanya kaya hindi nakasulat ang kanilang pangalan sa aklat ng buhay.

Kung paano nasulat ang pangalan sa aklat ng buhay o binura ang pangalan sa aklat ng buhay ay walang kaparaanang sinabi sa Banal na Kasulatan, ang tanging information tungkol dito ay ang mababasa sa Pahayag 3:5:

> *"Ang magtatagumpay ay dadamitan ng puti, at hindi ko kailanman buburahin sa aklat ng buhay ang kanyang pangalan…"*
>
> **PAHAYAG 3:5**

Tungkol sa pagkakasulat ng pangalan sa aklat ng buhay o pagkakaalis ng pangalan sa aklat ng buhay, dalawang tagapagbigay komentaryo sa Banal na Kasulatan ang may ganitong paliwanag:

> UNA: sa pagkapanganak ng sinumang tao sa daigdig sa bawat kapanahunan, ang kani-kanilang pangalan ay isinulat sa aklat ng buhay. Kung dumating ang kanilang kamatayan at sila ay hindi nanampalataya sa Panginoong Jesus, ang kanilang pangalan ay buburahin sa aklat ng buhay. Sa pagtatapos ng daigdig, ang mga pangalang nanatiling nakasulat sa aklat ng buhay ang siyang pagkakalooban ng karapatang tumira sa 1,000 taon ng paghahari ng Panginoon sa daigdig at pagkatapos ng paghaharing ito ng Panginoong Jesus sa lupa ay kasama na sila sa pagtira sa langit.
>
> PANGALAWA: ang ikalawa namang tagapagbigay komentaryo sa Biblia ay ganito ang paliwanag: may aklat na walang sulat at ang tawag sa aklat na ito ay "aklat ng buhay." Sa bawat pagkakataon na mayroong nanampalataya sa Panginoong Jesus ay kaagad na ang kaniyang pangalan ay isusulat sa aklat ng buhay.

Sa pagtatapos ng kasaysayan ng tao sa lupa, bubuksan ang mga aklat na kinasusulatan ng mga pangalan ng tao. Ang mga kristiano ay masusumpungang ang kanilang pangalan ay nakasulat doon sa aklat ng buhay. Alinman sa dalawang paliwang na ito ay parehong tama, ang pinaka importante ay ito: ang pangalan natin ay nakasulat sa aklat ng buhay

Dahil dito, ang nais ko pong itanong sa bawat isang kasama sa pag-aaral na ito ay ito:

NAKASULAT NA BA ANG INYONG PANGALAN SA AKLAT NG BUHAY?

Kung ang inyong sagot ay "hindi ninyo alam", gusto ba ninyong masulat ang inyong pangalan sa aklat ng buhay?

Kung "oo" ang inyong sagot, narito po ang paraan na itinuturo ng Biblia na dapat ninyong gawin.

Pinaniniwalaan ko po na ang mga kasama ko sa pag-aaral na ito ay nahahati sa dalawa. Mga kapatirang nakasulat na ang kani-kanilang pangalan sa aklat ng buhay, at mga mabubuting kapatiran na nagsisikap na gumawa ng mabuti sa pamilya at sa kapwa tao. Kayo po ang nais kong makausap:

- Kayo na nakalista na ang inyong pangalan sa aklat ng buhay ng Diyos ngunit nais ninyong lalo pang matiyak na totoo ngang nakalista na ang inyong pangalan.
- Ikalawa, kayo po na nais ninyong ilista ng Diyos ang inyong pangalan sa aklat ng buhay. Narito po ang inyong dapat malaman na itinuturo ng Banal na Kasulatan.

*"Walang taong nabuhay sa daigdig na gumagawa ng mabuti at hindi nagkakasala."*

**ECCLESIASTES 7:20**

Naniniwala po ako na kayo ay mabubuting tao, gumagawa po kayo ng mabuti sa abot ng inyong makakaya at may pagkakataon na kahit hindi na ninyo kaya ay pinipilit pa rin ang sarili na gawin ang mabuti. Pero sa kabila po ng inyong patuluyang gawin kung ano ang mabuti, alam ninyong nakakagawa pa rin kayo ng kasalanan.

Naging totoo po sa inyo iyong talatang kababasa natin "walang taong nabuhay sa daigdig na gumagawa ng mabuti at hindi nagkakasala." Pandaigdig po ito na totoo, totoo po ito sa inyo. Dahil po dito ang una na dapat ninyong aminin sa harap ng Diyos ay ito: kayo ay makasalanan. Sabihin po ninyong pabulong sa atin Diyos "Panginoon, ako po ay makasalanan."

Pagkatapos po ay ipinapaalam sa atin ng Diyos sa Banal na Kasulatan na babayaran natin ang ating kasalanan at ang pambayad natin doon, kung tayo ang magbabayad ay ang impierno.

*"sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan"*

**ROMA 6:23**

Ang kasalanan po ay babayaran natin at kamatayan po ang pambayad. Kung ano ang kamatayang iyon ay nililiwanag sa atin ng Banal na Kasulatan sa Biblia:

*"Pero nakakatakot ang sasapitin...mga ayaw sumampalataya sa akin... Itatapon sila sa nagliliyab na lawang apoy at asupre, na siyang ikalawang kamatayan."*

**PAHAYAG 21:8**

Ang ikalawang dapat ninyong malaman ay ang sinabi ng Biblia na sapagkat kayo ay makasalanan, babayaran ninyo ang inyong kasalanan at ang pambayad doon ay ang pagtapon ng Diyos sa mga makasalanan "sa nagliliyab na lawang apoy at asupre na siyang ikalawang kamatayan."

Ang ikalawang dapat ninyong malaman ay ang sinabi ng Biblia na sapagkat kayo ay makasalanan, babayaran ninyo ang inyong kasalanan at ang pambayad doon ay ang pagtapon ng Diyos sa mga makasalanan "sa nagliliyab na lawing apoy at asupre na siyang ikalawang kamatayan."

Alam kong ayaw ninyong doon mapunta. Sabihin ninyo sa Diyos na pabulong: "Panginoong Jesus, ayaw ko pong maitapon sa nagliliyab na lawang apoy at asupre."

Ang Diyos din po ay ayaw niya na mayroong tao na maitapon doon. Sa nakaraan po nating pag-aaral ay binasa natin sa Biblia na ang nagliliyab na lawang apoy at asupre ay inilaan ng Diyos kay Satanas at sa kanyang mga kampon. Babasahin ko pong muli:

*"Sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, 'Lumayo kayo sa harapan ko, kayong mga isinumpa! Doon kayo sa apoy na di namamatay na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga kampon."*

**MATEO 25:41**

Ang apoy na hindi namamatay o lawang nagniningas na apoy at asupre ay hindi inilaan sa tao kundi sa diyablo at sa kaniyang mga kampon, ngunit ang tao na mapupunta roon ay dahil sa sarili nilang kagustuhan. Ang Biblia ang may sabi na ayaw ng Diyos na mayroong tao na doon mapunta:

*"Ang Panginoon ay hindi nagpapabaya sa kanyang pangako gaya ng inaakala ng ilan. Sa halip, nagbibigay siya ng pagkakataon sa lahat sapagkat hindi niya nais na may mapahamak, kundi ang lahat ay makapagsisi at tumalikod sa kasalanan."*

**2 PEDRO 3:9**

Kapag tayo ang magbabayad ng ating kasalanan, tayo ay dadalhin sa nagliliyab na lawang apoy at asupre. Ayaw ng Diyos na mayroong mapunta roon, kaya ang Diyos ang gumawa ng paraan.

> *"Datapuwa't ipinagtatagubilin ng Dios ang kaniyang pagibig sa atin, na nang tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin."*
>
> **ROMA 5:8**

Ang Panginoong Jesus ay Diyos na nagkatawang tao, sa buong panahon ng kaniyang buhay sa lupa ay hindi siya nagkasala. At noong kusa niyang harapin ang kamatayan sa krus, ang kaniyang kamatayan ay naging pambayad sa kasalanan ng lahat.

Upang ang pambayad sa kasalanan ng sinuman po sa inyo ay magkabisa sa inyong buhay at maging daan upang ang inyong pangalan ay mailista sa aklat ng buhay, ito po ang dapat ninyong gawin:

- Humingi ng tawad sa Panginoong Jesus sa lahat ng inyong kasalanan. Kung ang kasalanan ay natatandaan, pangalanan sa Diyos ang kasalanang iyon. Kung hindi na natatandaan: sabihing inihihingi ng tawad ang lahat ng kasalanang hindi na natatandaan.
- Magpasiyang susunod na sa Diyos at iiwan na ang anumang uri ng kasalanan
- Tanggapin si Hesus bilang Panginoon at Tagapagligtas.

WATCH HERE (WITH Q&A)

FACEBOOK

YOUTUBE

WEBSITE